

Kinilala ang Brampton para sa pambansang kahusayan sa pagpapalano ng disenyo sa urban

BRAMPTON, ON (Abril 26, 2021) – Nanalo ng [Award of Excellence ang Lungsod ng Brampton para sa submisyon nito ng "Uptown Brampton Transit-Oriented Communities Toolkit"](#) mula sa Canadian Society of Landscape Architects (CSLA) sa kategorya ng Pagpapalano at Pag-aanalisa.

Ang Urban Design Team ng Brampton ay nakipag-partner sa Toronto School of Cities' at sa Urban Land Institute Toronto District Council sa pagbuo ng proyekto. Ang "Uptown Brampton Transit-Oriented Communities Toolkit" ay sumasaliksik sa pinagtutulungang model sa pagtatayo ng lungsod na sumusuporta sa mas mabuting pagkaka-align ng pampublikong sektor, pribadong sektor, non-profit at lokal na mga komunidad.

Binubuksan ng Uptown model ang halaga ng "26-hour City", kung saan ang 20-minutong nalalakad na komunidad ay nagtatanggal sa mataas na gastos sa pag-commute at pagmamay-ari ng sasakyan – nagbibigay ng "mga ekstra na oras" araw-araw sa pagpapaganda ng kalidad ng buhay at pagiging produktibo. Ang model na ito ay sumusuporta sa paglikha ng de kalidad na mga trabaho at pangengempleado, at tumutulong sa lungsod na gumalaw tungo sa kinabukasan na carbon-neutral.

Labing-apat na proyekto ang nakatanggap ng pambansang award mula sa CSLA, sa panahon ng awards ceremony na idinaos sa unang bahagi ng buwan na ito. Ang award-winning na mga proyektong ito ay nagpapakita sa hanay ng kung ano ang ginagawa ng mga arkitekto sa landscape at kung paano sila tumutulong sa muling paghubog ng mga lugar na tinitirhan, pinagtatrabahuan, at pinaglalaruan natin.

Ang mga nanalo ay pinili ng pambansang hurado ng mga arkitekto ng landscape. Kabuuang 72 submisyon ang natanggap. Kabilang sa panukatan na inilapat ng mga hurado ang:

- pagpapakita ng malalim na pang-unawa sa craft ng landscape architecture at atensyon sa komposisyon at detalye;
- pagpapakita ng kahusayan sa liderato, pangangasiwa ng proyekto, saklaw ng trabaho, bagong mga direksyon, o bagong teknolohiya;
- inobasyon sa konsepto, proseso, mga materyales, o implementasyon;
- Promosyon ng disiplina sa mga may kaugnayang propesyon, mga kliyente, at sa pangkalahatang publiko; at,
- Pagpapakita ng natatanging kamalayan sa kapaligiran at/o lipunan.

Mga Quote

"Ang Brampton ay isang maagap na Lungsod ng mga oportunidad at committed tayo sa pangunguna sa ismarteng pagpapalano para sa masigla, nakakalusog at kumpletong mga komunidad. Hinahangaan ko ang Urban Design team dahil sa patuloy na pagbuo ng mga plano sa 20-minutong nalalakad na mga komunidad at nangunguna kung paano natin bubuksan ang potensyal ng Uptown Brampton."

- *Patrick Brown, Mayor, City of Brampton*

“Ang hintuan ng Steeles ng Hurontario LRT ay nakatala sa Metrolinx 2041 Regional Transportation Plan at sa Opisyal na Plano ng Brampton bilang isang Gateway Mobility Hub. Ang designasyon na ito ay sumusuporta sa matinding paglaki ng density at mga konsiderasyon para sa maraming mode ng pagbibiyaha, kabilang ang mataas na kalidad na imprastruktura sa paglalakad at pagbibisikleta. Kung may naituro man sa atin ang pandaigdigang pandemya, ito ay kailangang maging handa tayo sa pag-angkop sa nagbabagong mga asal. Ang pag-transform sa Uptown tungo sa pagiging transit-oriented na komunidad ay may saysay sa ating mga residente, negosyo at mga lokal na stakeholder.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Planning and Development, Lungsod ng Brampton*

“Sa Lungsod, dedicated tayo sa pagpapalano ng magandang tirahan, nakakalusog at kumpletong mga komunidad na naglalarawan sa mga ideya at sa mga pangangailangan ng ating mga residente, Congratulations sa ating Urban Design team nitong prestihiyosong award. Ang Shoppers World site sa Uptown ay nagbibigay ng natatanging pagkakataon para isulong ang pamumuhunan sa pag-develop sa bahaging ito ng Brampton tungo sa isang komunidad na transit-oriented.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca